7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 3: Aralin 6 (para sa Ikaanim na Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Charie Ann C. Padullo (Leyte Normal University)
- Analyn Fabian (Valenzuela National High School)

**Tagasuri:**
- Voltaire M.Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** *(Content Standards)* | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa sa konteksto ng kolonyalismo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** *(Performance Standards)* | Nakapagsasagawa ng pagtatanghal na nagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya sa konteksto ng kolonyalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** *(Learning Competencies)* | ***Mga Kasanayan:*** Napaghahambing ang mga hamon sa pagkabansa ng pangkontinenteng Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung. |
| **D. Nilalaman** *(Content)* | Mga Paghahambing ng mga Hamon sa Pagkabansa ng Limang Bansa sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya |
| **E. Integrasyon** *(Integration)* | *Sustainable Development Goals (SDG 16 – Promote peaceful and inclusive societies for sustainable development, provide access to justice for all and build effective, accountable and inclusive institutions at all levels)* |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D. (2020). Pamahalaan, programang pangkababaihan, at edukasyon sa South at Western Asia. In Kayamanan: Araling Asyano (pp. 290-292). Quezon City, Philippines: Rex Printing Company, Inc.

Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D. (2020). Pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura sa South at Western Asia. Inc. Kayamanan: Araling Asyano (pp. 305-321). Quezon City, Philippines: Rex Printing Company, Inc.

Blando, Rosemarie C. et.al. (2014). Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. 1st ed. Pasig City.

Bustamante, Eliza D. (2016). Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya.Muling Nilimbag.St Bernadette Publishing House Corporation.Quezon City.

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2023, May 11). *Bandung Conference. Encyclopedia Britannica.* https://www.britannica.com/event/Bandung-Conference

Interactive Map of Asia: Asia map showing countries and seas. Pinterest. https://www.pinterest.ph/pin/882424739206490047/

Office of the Historian. (n.d.). Bandung Conference (Asian-African Conference), 1955. https://history.state.gov/milestones/1953-1960/bandung-conf

Wilson Center. (n.d). Bandung Conference, 1955. Digital Archive. https://digitalarchive.wilsoncenter.org/topics/bandung-conference-1955


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman<br>(Mind & Mood)</td><td>MUNTING BALIK-ARAL<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br>Paglalakbay sa Paggamit ng Tsart sa Pagkuha ng Impormasyon!: Isulat ang bilang ng pangungusap sa loob ng talahanayan kung ang hamon sa pagkabansa ay sa aspektong pangpolitika, aspektong pang-ekonomiya, at sa aspektong panlipunan.<br><br>
<table>
<tr><th>Aspektong Pang-Politika</th><th>Aspektong Pang-Ekonomiya</th><th>Aspektong Panlipunan</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>1. Ang Pilipinas ay humarap sa mga hamon sa larangan ng kahirapan at pangangailangan ng likas na yaman.<br>2. Ang sistema ng edukasyon ay dumaan sa pagbabago upang matugunan ang pangangailangan ng modernisasyon.</td><td>Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring magamit upang balikan ang natapos na aralin at bilang panulay sa bagong paksang tatalakayin sa linggong ito.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ang pagtangkilik sa pambansang seguridad at kapayapaan ay nagkaroon ng pangangailangan na mapanatili ang kaayusan at proteksiyon sa mamamayan.<br>4. Ang pagtuklas at pagpapahalaga sa sariling kultura at identidad ng Pilipino na nagbigay-daan sa pag-usbong ng nasyonalismo.<br>5. Ang Pilipinas ay naghanap ng kaalyansa sa pandaigdigang komunidad. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin *(Aims)*** | **Paglipat ng Mensahe: Tinig ng Bandung**<br>*Panuto:*<br>● Ang mga mag- aaral ay hahatiin sa dalawang (2) pangkat.<br>● Pipili ng kinatawan ang bawat pangkat.<br>● Ang guro ay magpapakita ng larawan sa mga kinatawan ng grupo patungkol sa mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung.<br>● Bibigyan lamang ng isang (1) minuto ang bawat kinatawan upang i-organisa ang kanilang ideya.<br>● Pagkatapos, ay ipapasa niya ang kaniyang sagot sa pangkat hanggang sa mapunta ito sa pinakadulo.<br>● Kung sino ang naunang makapunta sa guro at maipaliwanag nang maayos ang larawang ipinakita ay siya ang mananalo sa gawain.<br>● Panghuli, magkakaroon ng maikling pagninilay o *reflection session* kung saan ang bawat kalahok ay maaaring ibahagi ang kanilang natutuhan, mga bagong perspektibo, at mga ideya tungkol sa hinaharap ng rehiyon. | Ang mga gawaing ito ay maaaring makatulong upang mas lalong maunawaan ng mga mga-aaral ang mga konseptong may kaugnayan sa paksa. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Kahirapan<br><br>2. Kakulangan sa Imprastraktura<br><br>3. Walang Kalayaan<br><br>4. Walang Seguridad<br> | Maaaring magamit ng guro ang mga gawaing ito upang mas lalong maunawaan ang mga salitang may kaugnayan sa paksa. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** ***(Tasks and Thought)*** | **1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Pagsasama-sama ng Larawan:** Ang mga mag-aaral ay lilikha ng isang *collage* na nagpapakita ng paghahambing sa mga hamon sa pagkabansa ng iba't ibang bansa sa pangkontinenteng Timog-Silangang Asya.<br>● Hatiin ang mga mag-aaral sa maliliit na grupo. | Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito. |

- Ibigay sa bawat grupo ang mga magasin, papel na maaaring gupitin, at iba pang materyales para gumawa ng *collage*.
- Ang bawat grupo ay dapat bumuo ng *collage* na nagpapakita ng paghahambing tungkol sa iba't ibang aspekto ng mga hamon sa ekonomiya, pulitika, at kultura sa rehiyon.
- Pagkatapos, hikayatin ang bawat grupo na ipresenta ang kanilang *collage* sa buong klase at magkaroon ng masusing talakayan.

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Nilalaman | 30 |
| Organisasyon | 20 |
| Pagkamalikhain | 15 |
| Kalinisan | 10 |
| **Kabuoan** | **75** |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pagsusuri sa Mga Bansa:** Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng masusing pag-aaral at paghahambing ng mga hamon sa pagkabansa ng iba't ibang bansa sa pangkontinenteng Timog- Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung.

**Gabay sa Pagpapangkat**

1. Hatiin ang mga mag-aaral sa mga pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng responsibilidad na magsaliksik hinggil sa kasaysayan, ekonomiya, politika, at kultura ng isang bansa sa pangkontinenteng Timog-Silangang Asya.
2. Ang bawat pangkat ay dapat maghanda ng isang *visual presentation* (*PowerPoint, poster,* o iba pang *media*) na naglalarawan ng mga hamon na kinahaharap ng naiatas na bansa.

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ipinapayo ang pagsasama ng impormasyon hinggil sa mga sumusunod na aspekto:<br>● **Ekonomiya**: GDP, *unemployment rate, economic growth*, at iba pa.<br>● **Politika:** Uri ng pamahalaan, *political stability*, at kasaysayan ng mga pulitikal na pangyayari.<br>● **Kultura:** Tradisyon, wika, relihiyon, at mga sining at kalinangan.<br>● **Kasaysayan:** Kasaysayan ng bansa mula sa Kumperensiya ng Bandung hanggang sa kasalukuyan.<br>4. Ang mga grupo ay magprepresenta ng kanilang natuklasan sa buong klase. Pagkatapos ng bawat presentasyon, bukas ang talakayan para sa mga tanong at pagpapahayag ng opinyon mula sa klase.<br>5. Matapos ang lahat ng presentasyon, magkaroon ng masusing talakayan hinggil sa mga makabuluhang pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga bansa sa pangkontinenteng Timog-Silangang Asya.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Aking Pangarap Para sa Timog-Silangang Asya:** Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng maikling repleksiyon hinggil sa kanilang personal na pananaw at pangarap para sa pangkontinenteng Timog-Silangang Asya.<br>● Magbigay ng maikling tanong o *prompt*, tulad ng "Ano ang iyong pangarap para sa kinabukasan ng Timog-Silangang Asya?"<br>● Ipaalam sa mga mag-aaral na sumulat ng maikling repleksiyon, at bigyan sila ng 10-15 na minuto para gawin ito.<br>● Pagkatapos, maglaan ng oras para sa mga nais na magbahagi ng kanilang mga naisulat sa buong klase. | |

<table>
<tr><td></td><td>

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Nilalaman | 15 |
| Organisasyon | 10 |
| Pagkamalikhain | 10 |
| Kalinisan | 5 |
| **Kabuoan** | **40** |

</td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat<br>(Abstractions)</td><td>Pabaong Pagkatuto<br><br>Ipahayag ang sariling opinyon base sa natutuhan mula sa aralin. Isulat ang pahayag sa loob ng kahon.<br><br>

| Iyong Natutuhan | Reaksiyon | Tanong |
|---|---|---|
| ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________. | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>__________________. | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________. |

</td><td>Ang bahaging ito ay magisilbing daan para sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga natutuhan sa natapos na aralin. Dito makikita ng guro kung may natutuhan ang mga mag-aaral sa paksang pinag-aralan sa linggong ito.</td></tr>
<tr><td>E. Pagtataya<br>(Tools for Assessment)</td><td></td><td>Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa naging pag-unawa ng mga mag-aaral sa natapos na paksa.</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **F. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |